Abril - Mayo 2012
NOT FOR SALE
VALENZUELA Ngayon
Taon 7 Blg 3
VALENZUELA, MAY DISIPLINA!




# Binay, saludo sa dagdag pabahay ng Valenzuela


Malinis at kaaya-ayang kapaligiran ang ilan lamang sa kasunduan ng mga residente sa Disiplina Village. Ito ay ipinapakita ng lalaking nasa larawan habang naglilipat sa bagong tirahan. **Kuha ni Mark Cayabyab**

**TULUY-TULOY ANG SINIMULANG** proyekto ng "Bagong Bahay, Bagong Buhay" ni Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian para sa mga benepisyaryo ng Disiplina Village resettlement project matapos ang isa na namang turn-over ceremony dito noong Mayo 3.

Personal itong sinaksihan ng Bise Presidente ng bansa at tagapangulo ng Housing and Urban Development Coordinating Council (HUDCC) Jejomar C. Binay upang makiisa sa pamahalaang lungsod sa pamamahagi ng Certificate of Occupancy para sa 192 pamilyang na-Ondoy sa Tullahan River at mga paligid nito noong 2010.


Mahalaga ang atensyong ibinigay ng HUDCC sa nasabing okasyon sapagkat ito ang pangkalahatang pambansang ahensya ng gobyerno na gumagawa ng mga pag-aaral at polisiya para sa pabahay at mga isyung nakapaloob dito.

Naitayo ang housing units sa pakikipagtulungan ng pamahalaang lungsod, mga lokal na negosyo sa pamamagitan ng Dakilang Handog Foundation, at ng San Miguel Corporation.

*sundan sa pahina 2*


Kasama ni Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian si Bise Presidente Jejomar C. Binay, ang panauhing pandangal sa Disiplina Village sa turn-over ng housing units sa 192 pamilyang nasalanta ng Ondoy. **Kuha ni Jonathan Licuan**

# Valenzuela City SOCO binuksan na


Sa bagong bukas na sariling SOCO office sa Valenzuela City Police Station, mas mabilis na makareresponde ang mga kinauukulan para sa agarang ikalulutas ng kaso. **Kuha ni Mark Cayabyab**

**AKTIBO NA ANG BAGONG** Crime Laboratory Satellite Office ng Philippine National Police (PNP) sa Lungsod ng Valenzuela matapos ang pagpapasinaya nito kamakailan sa City Police Station, kasabay sa pagtatalaga ng interchange Scene of the Crime Operations (SOCO) sa lungsod para sa mga masusing imbestigasyon at ikabibilis ng paglutas sa mga kasong kriminal.

Mula sa PNP Crime Lab ay nagtalaga ng 18 tauhan ng operatiba na pamumunuan pa rin ni P/CSUPT Lorlie N. Arroyo ng PNP Crime Laboratory Group sa Camp Crame,

*sundan sa pahina 2*

# Valenzuela City pinaka-maningning sa serbisyo -Meralco

**ISA PANG PAGKILALA ANG TINAMO** ng Lungsod ng Valenzuela mula naman sa kauna-unahang Meralco Luminaries Awards bilang pinakamaningning na lokal na pamahalaan sa larangan ng serbisyo publiko o ang "Local Government Unit Luminary Award" para sa 2011.

"Pinakamaningning ang Valenzuela City, sa pamumuno ni City Mayor Sherwin T. Gatchalian, sa mga lokal na pamahalaan na isang magandang halimbawa sa iba para tularan," pahayag ng kumpanya sa ginanap na seremonya sa Resorts World sa Pasay City, Peb 6.

Ayon sa komite ng Meralco Luminaries, ang pagpaparangal ay ukol sa mabilis at maayos na pagbibigay ng mga pangunahing paglilingkod, kapakanang panlipunan at mga programang nagbibigay-daan para sa ikapagpapabago ng buhay ng nasasakupan mula sa mga pribado at pampublikong katuwang ng Meralco.

Naunang kinilala ang lungsod ng World Bank at ng International Finance Corporation (IFC) bilang isa sa mga "Most Business-Friendly Cities in the Philippines in 2011." Sumunod dito ang "The Outstanding Young Men" award para naman sa punong ehekutibo ng Valenzuela City.

Ang mga nabanggit na award ay bunsod sa mga polisiya at aksyong ipinatutupad na layong pagbutihin ang pagbibigay serbisyo sa taumbayan at iangat ang antas ng pamumuhay sa lungsod. **– Beng Bautista, Zyan Caiña** *sundan sa pahina 2*

# Binay saludo sa dagdag pabahay ng Valenzuela

*mula sa pahina 1*

Mayroon nang kabuuang 238 pamilya ang maayos at ligtas na naninirahan sa Disiplina Village na matatagpuan malapit sa North Luzon Expressway Mindanao Avenue toll plaza sa Brgy. Ugong.

Kasunod nito, isang Memorandum of Agreement (MoA) ang pinirmahan noong araw ding iyon nina Mayor WIN at National Housing Authority (NHA) General Manager Atty. Chito Cruz para sa pagpapatayo ng Phase 2 ng Disiplina Village.

Bubuuin ito ng 18 gusali na may tig-tatatlong palapag para sa may 600 pamilya. Target ng Phase 2 na makumpleto ang mandatong 900 pamilyang benepisyaryo sa buong Disiplina Village na may laking 1.9 ektarya.

Ayon kay Elenita Reyes, hepe ng City Housing and Resettlement Office (HRO), malaki ang maiaambag na tulong ng NHA dahil ito ang taga-implement ng mga proyektong murang pabahay ng gobyerno sa ilalim ng HUDCC. Sa isang pulong noong Enero 2012, personal na inilapit at kinumbinsi ni Mayor Gatchalian si Attorney Cruz para maging bahagi ang NHA sa Disiplina Village.

Hindi nabigo ang alkalde dahil na rin sa mga kinakitaang commitment at matagumpay na in-city resettlement programs sa Valenzuela City. Manggagaling ang pagpapatayo ng Phase 2 sa P10 bilyong pondo na inilaan ni Pangulong Benigno Aquino III para ma-relocate ang mga nalalabing Metro Manila informal settler sa mga danger zone gaya ng ilog at estero sa loob ng limang taon.

Naniniwala si Mayor WIN na hindi kinakailangang ilipat sa malalayong lugar ang mga ito sapagka't malaki ang magiging epekto nito sa kanilang pamumuhay sakaling ilayo sila sa kanilang mga kamag-anak, trabaho, paaralan at iba pang kinamulatan na nila.

"Napakaswerte po ninyo dahil hindi nyo na kailangang lumayo sa dati ninyong tinitirhan dahil binigyan kayo ng pabahay ng lokal na pamahalaan. Saludo po ako sa mga taga-Valenzuela sa inyong pagtutulungan para maitayo ang pabahay na ito. Makakatulog na po kayo ngayon ng mahimbing na kapiling ang inyong pamilya na wala ng takot na baka kinabukasan ay buwagin ang inyong mga bahay", pahayag ni Binay.

Nakiisa din sa selebrasyon ng araw ng pamamahagi sina NHA Assist Gen. Manager Froilan Kampitan, San Miguel Brewery Inc. Pres. Roberto Huang, HUDCC Usec. Cecilia Alba, Tagapangulo ng Presidential Commission for the Urban Poor (PCUP) Hernani Panganiban at Gawad Kalinga Exec. Director Jose Luis Oquinena.

Dumalo din sina Rep. Rex Gatchalian ng unang distrito, Vice Mayor Eric Martinez, mga konsehal ng unang distrito: Marlon Alejandrino, Antonio Espiritu, Ritchie Cuadra, Corazon Cortez at mga konsehal sa ikalawang distrito: Lorie Natividad-Borja, Adrian Dapat, Kate Galang Coseteng at Lai Nolasco. **– Beng Bautista, Mark Cayabyab**



*LUMINARIES Sa ngalan ni Mayor WIN Gatchalian, pinangunahan ni Valenzuela City First District Rep. Rex Gatchalian ang mga nagwagi sa Local Government Unit Category ng 1st Meralco Luminaries Award na ginanap sa Marriott Hotel sa Pasay City kamakailan. Kasama niya sina (kaliwa-kanan) , Batangas City Mayor Vilma Abaya Dimacuha, Dasmarinas City Mayor Jennifer Barzaga, Makati City Mayor Jejomar Binay Jr. at Mandaluyong City Mayor Benjamin Abalos Jr. Matatandaang naging katuwang ng Valenzuela City Government ang One Meralco Foundation para sa pagpapailaw ng Disiplina Village, ang flagship housing project ng lungsod. Istorya sa pahina 1.* ***Contributed photo***

# Mga opisyal sa 2 bagong brgy nanumpa na

**PORMAL NANG NANUMPA ANG MGA** bagong hirang na opisyales ng mga bagong barangay sa Lungsod ng Valenzuela, ang Barangay Canumay West at Canumay East nitong Marso 23, kay Mayor Sherwin T. Gatchalian.

Bilang pagsunod sa Ordinansa ng Lungsod Bilang 37, Seksyon 6, magsisilbi ang mga opisyales alinsunod sa kanilang kasalukuyang lokasyon ng tirahan. Nagresulta ito na si Punong Barangay Rene Trinidad ay magsilbi sa Canumay East, at ang bagong hirang na si Punong Barangay Simeon Casimiro ay magsisilbi sa Canumay West.

Ang mga bagong hirang bilang kagawad na magsisilbi sa Barangay Canumay West ay sina Anselmo, Lahara, Virgilio Doneza, Armando Donesa at Eduardo Alejandrino. Samantalang ang mga bagong hirang naman na kagawad na magsisilbi sa Barangay Canumay East ay sina Camilo Pascual, Danilo Libores at Davienson Casimiro.

Hinirang naman bilang SK Chairman si Darylle Miranda at mga SK Kagawad na sina John Jonas Maldo, Jenny Rose Lance, Sarah Mae Orogo, Louwell Gonzales, Ma. Aljelly Tolidana, at Grace Gutierrez.

Naging ganap at pormal ang paghahati ng dating Barangay Canumay matapos paboran ng mga mamamayan ang panukalang pagbuo ng Barangay Canumay West at Barangay Canumay East sa isang maayos na plebesito noong Marso 3, 2012.

Sa naganap na panunumpa sa City Mayor's Office ay ipinaalala ni Mayor WIN ang mga karapatan at responsibilidad ng bawa't isa at pinayuhan ang mga ito na maging tapat sa tungkulin at gawing prayoridad ang kapakanan ng mamamayan na kanilang nasasakupan.

Ang lungsod ng Valenzuela ay mayroon na ngayong kabuuang bilang na 33 barangay. **–Beng Bautista**

# Crime lab

*mula sa pahina 1*

na dumalo sa naturang inagurasyon ng tanggapan.

Siniguro naman ng pamahalang lungsod na ang SOCO Valenzuela ay may sapat at mga makabagong kagamitan upang magarantyahan ang husay sa mga operasyon nito, kabilang na ang isang bagong Isuzu Crosswind na nagkakahalaga ng P833,700 para maging serbisyosasakyan ng grupo.

"A dream come true" (pangarap na natupad), ito ang nawika ni Mayor WIN Gatchalian matapos maibigay ang kumpleto at makabagong forensic tools, mga bagong armas, radyo, vest at maging ang bagong pasilidad ng Valenzuela City Police Station. "Ito ay malaking tulong para sa ating kapulisan na magkaroon ng sariling Crime Laboratory para sa mga imbestigasyon sa mga ebidensya, at ito po ay malaking hamon sa lokal na kapulisan na gawin ang lahat ng kanilang makakaya upang mapababa ang porsyento ng krimen sa Valenzuela", dagdag ng alkalde.

Nagpahayag din ng pasasalamat at paghanag sina P/CSUPT Arroyo at City Police Chief P/SSUPT Atty. Wilben Mayor sa punong lungsod dahil sa suporta nito sa PNP at nangakong susuklian ang lahat sa pamamagitan ng pagsuporta nito sa mga gagawing operasyon sa lungsod. **–Beng Bautista**

# Bahaginan ng kaalaman sa pamamahala, pinalawig

**BAYAN NG ALTAVAS SA LALAWIGAN** ng Aklan, mga Lungsod ng Bais sa Negros Oriental at ng Bayugan sa Agusan del Sur.

Ilan lamang sa mga bagong kapatid ng Valenzuela City ang mga nabanggit na local government unit matapos lumagda ang bawa't alkalde nito ng Memorandum of Agreement (MOA) na kapwa ginanap sa Valenzuela City Social Hall sa magkakahiwalay na araw.

Nauna nang nakipagkapatiran ang Valenzuela sa Altavas noong Peb. 14 kasabay sa pagdiriwang nito ng ika-14 na *Charter Day*. Kapwa lumagda sa MOA ang dalawang alkalde nito na sina Mayor Sherwin T. Gatchalian at Altavas Mayor Denny Refol.


Sumunod naman sina Mayor Karen Villanueva ng Bais noong Marso 11 at Mayor Kim Lope Asis ng Bayugan noong Marso 12.

Layon ng tatlong alkalde na mapaunlad ang kani-kanilang nasasakupan sa pamamagitan ng pagbabahaginan ng kani-kanilang mga tinamong tagumpay, magagandang proyekto at maayos na pamamahala upang hanguin ng bawa't isa at gamitin sa kani-kanilang lugar.

Hindi lamang magagandang bagay ang kanilang ibinahagi sa isa't-isa kundi pati mga negatibong naranasan at napagdaanan ng bawa't isa sa kanilang pamamahala upang maiwasan na itong gawin at hindi na maulit pa sa iba.

Ang pakikipagkapatiran ng Valenzuela City sa Lungsod ng Bayugan ay pinagtibay ng Resolution Blg. 195 at Resolution Blg. 197 naman sa Munisipalidad ng Altavas na kapwa isinulat ni Kon. Marlon Alejandrino ng unang distrito, Lungsod ng Valenzuela.

Ayon kay Mayor WIN hindi nagtatapos sa paglagda lamang ang pakikipagkapatiran ng lungsod kundi patuloy itong magbabahagi ng mga magagandang pamamahala at halimbawa ng Valenzuela City at patuloy na hahango naman mula sa iba pang kapatid na lungsod at munisipalidad. **– Beng Bautista, Liezel Fulgencio**








*SISTER LGUs*

*1. Pinipirmahan nina Valenzuela City Mayor WIN Gatchalian at Bayugan City Mayor Kim Lope Asis ang Memorandum of Agreement para sisterhood ng dalawang lungsod, saksi sina (kaliwa-kanan) City Adimistrator Atty. Teresita Capacillo, Valenzuela City Vice Mayor Eric Martinez at Kon. Marlon Alejandrino, ang author ng nasabing sisterhood agreement. Matatagpuan ang nag-iisang lungsod na ito sa Agusan del Sur sa Mindanao sa hilagang bahagi ng probinsya. Mahalaga ang lokasyon nito sapagkat dito nagtatagpo ang mga pangunahing daan sa iba't-ibang bahagi ng Silangang Mindanao. Kilala ang progresibong lungsod ng 99,400 katao sa mga produktong agrikultural gaya ng bigas, mais at mga bulaklak.*

*2. Tuloy sa paglalahad si Mayor WIN kay Bais City Mayor Karen Villanueva tungkol sa mga sistema ng pamamahala sa lungsod nang bumisita ang alkalde mula sa Negros. Pagtutubo ang pangunahing kabuhayan ng 74,000 mga residente ng lungsod at ito ang pinakamalaking produsyer ng raw sugar sa probinsya ng Negros Oriental. Sagana sa likas na yaman ang lungsod at may layong 48 kilometro mula sa Dumagueta City, kabisera ng probinsya.*

*3. Nakikinig si Altavas Mayor Denny Refol kay Mayor WIN ukol sa "BizBilis" program. Tinatayang may populasyong 22,500 sa 14 na barangay ang tahimik na bayang ito na nasa Kanlurang Visayas. May isang oras ang layo nito pagbiyahe mula sa Kalibo, kabisera ng Aklan.*

# MM infra projects hinimay ni Mayor WIN

**SINIGURADO NI VALENZUELA CITY** Mayor Sherwin T. Gatchalian bilang chairman ng Infrastructure Sector ng Regional Development Council of National Capital Region (RDC-NCR) na naaayon sa itinakdang budget ceiling ang mga inihaing malalaking proyektong pambayan para sa taong 2013 upang masulit ang pondo ng bayan sa pag-invest para rito.

Sa ginawang Fiscal Year 2013 Regional Consultation and Budget Hearing nitong Abril sa Valenzuela Audio Visual Room ay pinangunahan ni Mayor WIN ang paghimay at pag-apruba ng ipinapanukalang badyet para sa iba't-ibang proyekto. Ito ay dinaluhan ng iba't-ibang ahensya ng gobyerno na saklaw ng Metro Manila Development Authority (MMDA).

Kabilang na rito ang Daang Hari-SLEx Link Project sa halagang P1.956 bilyon na magbibigay ng dagdag ruta sa pagitan ng Metro Manila at Cavite; ang NLEx-SLEx Connector Project na sa haba nitong 13.4 km ay may P20.181 bilyong badyet; at ang NAIA Expressway Project Phase 2 na binadyetan ng P14.59 bilyon.



*Pinakikinggan nina (kanan-kaliwa) Mayor WIN, Infrastructure Sector Vice Chairperson Reynaldo Tagudando at Marikina City Mayor Del De Guzman ang mga proyektong inihain sa nakaraang budget consultation ng Regional Development Council-NCR.* **Kuha ni Jonathan Licuan**

Kasama rin sa mga naghain ng proyekto ang Department of Transportation and Communication (DOTC), Metro Rail Transit 3 (MRT 3), Light Rail Transit Authority (LRTA), Philippine National Railways (PNR), Philippine Ports Authority (PPA), Pasig River Rehabilitation Commission (PRRC) at iba't-ibang sangay ng Department of Public Works and Highways sa NCR.

Dagdag pa ni Gatchalian, na kilalang eksperto sa usapin ng pinansya at management, malaking tulong sa ekonomiya ang mga inihaing proyekto subalit kailangang masusing pag-aralan ang bawat aspeto ng mga ito upang lubos na maging matagumpay ang mga ito. **Liezl Fulgencio**

# Mga komunidad sinaliksik ng SPES studes


*PAPERWORK Abala sa City Planning Office ang dalawang estudyanteng ito na bahagi ng SPES sa pag-aayos ng bulto-bultong Household Profile Questionaires na sinagutan ng mga residente.* **Kuha ni Mark Cayabyab**

**ABALA NGAYONG BAKASYON** ang may 976 estudyante na kabilang sa Special Program for Employment of Students (SPES) ng lungsod para sa isang summer job na tutulong sa pag-alam ng kalagayan ng pamilyang Valenzuelano, na bahagi din naman ng isang pambansang pananaliksik.

Ayon kay Public Employment Services Office (PESO) Manager Luningning Martin, nakikipagtulungan ang kanyang tanggapan sa Valenzuela City Planning and Development Office para isagawa ang Community-Based Monitoring System (CBMS) na isang sistema para sa organisadong pangangalap, pag-aanalisa at pagbeberipika ng mga impormasyong mahalagang gamitin ng lokal at ng pambansang pamahalaan, mga ahensya ng gobyerno, at ng mga non-governmental at civil society organization para pagplanuhan, badyetan at ipatupad ang mga local development programs.

Lahad ni Martin, mag-babahay-bahay ang mga SPES researchers sa loob ng 21 araw upang makakalap ng mga mahahalagang datos sa dala nilang *Household Profile Questionnaire.* Kabilang sa kanilang alamin ang tungkol sa pagkakakilanlan ng mga respondent, demograpiya, edukasyon, katangiang pangkabuhayan, kalusugan, suliranin o kakulangan sa pang-araw-araw na pangangailangan, komunidad, tirahan, pangkabuhayan o pinagkakakitaan ng bawa't miyembro ng pamilya, naranasang kalamidad at mga pakikibahagi o pakikinabang sa mga programa ng lungsod.

Dagdag naman ni Josefina Acorantes, hepe ng City Planning and Development Office, importante ang programang ito dahil susi sa mas epektibong pagtugon ng pamahalaang lokal na pinamumunuan ni Mayor Sherwin T. Gatchalian ang kanilang makakalap na mga impormasyon sa mga suliranin at pangangailangan ng taumbayan. **–Beng Bautista**

# Kaso ng dengue naibaba; mga puno vs lamok ipinalaganap

**BUMABA NG 50.6% ANG MGA NAIULAT** na kaso ng dengue sa lungsod para sa unang quarter ng taon, ayon sa tala ng City Health Department.

Mayroon lamang 255 na bilang ng kaso ng dengue sa Valenzuela kumpara sa 455 noong unang tatlong buwan ng nakaraang taon. Sa 225 bilang na ito, 12 lamang ang nakumpirmang dengue.

Kaugnay nito, nanawagan si Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian na "ugaliin po natin ang paglilinis ng ating kapaligiran at huwag mag-imbak ng mga kagamitang pinamumugaran ng mga lamok gaya ng mga flower vase na may maruming tubig, gulong na marumi at iba pang mga bagay na maaaring pamugaran ng mga lamok."

Ito ang pahayag ni Mayor WIN sa paglulunsad ng SureWin sa Dengue: TaNEEMan sa Barangay project noong April 1 sa mini park ng Brgy. Dalandanan. Layon ng proyekto na makapagtanim ng 50 neem trees sa bawat barangay upang makatulong sa kampanya laban sa dengue. Ayon sa mga siyentipiko, nagtataglay ang naturang uri ng puno ng mga natural na kemikal na nakatataboy ng mga lamok. **–Beng Bautista**


*TANEEMAN TAYO Ilang tauhan ng lokal na kapulisan ang nakibahagi sa pagtatanim ng saplings ng neem sa iba't-ibang bahagi ng lungsod.* **Kuha ni Mark Cayabyab**

## Samu't sari

### Pinakamalaking batch ng Dr. Pio scholarship

**SA IKA-17 TAON NG DR. PIO VALENZUELA** scholarship Program ng lungsod, pinakamalaki na ang bilang na 148 incoming freshmen sa kolehiyo na benipisyaryo ngayong pasukan.

Ito ang saad ni Dr. Nedeña Torralba, tagapangulo ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela at Dr. Pio Valenzuela Scholarship Program Committee member sa ginanap na orientation at signing of contracts ng mga benepisyaryo sa Valenzuela Convention Center kamakailan.

Base sa kasunduan, maaaring kumuha ang isang iskolar ng anumang kursong nais nito sa anumang pamantasan at makatatanggap ng P30,000 kada taon bilang tulong pantustos sa pag-aaral nito. Kailangan ding hindi bababa sa 2.0 ang grado nito kung kaya karamihan sa mga nagtatapos na iskolar ay may mga honor pa.

Kamakailan lamang ay nagtapos bilang summa cum laude ang Batch 13 iskolar na si John Howard Ponce sa Polytechnic University of the Philippines (PUP).

Target ng programa na matulungang makapagtapos ng pag-aaral at maabot ang mga pangarap ng mga kabataang Valenzuelano na may angking talino ngunit kapos sa kabuhayan.**-Beng Bautista**

### Valenzuela City ang Aerobics Capital of the Philippines

**PRINOKLAMA NG LEAGUE OF CITIES OF** the Philippines (LCP) bilang "Aerobics Capital" ng bansa ang Lungsod ng Valenzuela kasabay ng isang mass exercise sa Puregold parking area sa Brgy. Dalandanan, Mayo 1.

Pinanukala ni Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian ang titulo sa LCP at nakuha naman ito ng lungsod sa pamamagitan ng *majority votes* mula sa mga miyembro ng LCP na pinagtibay ng ipinalabas na Resolution No. 2012-001, Series of 2012.

Ang resolusyon ay nilagdaan nina San Fernando (Pampanga) City Mayor at pangulo ng LCP Oscar Rodriguez, Alaminos City Mayor at LCP Sec. Gen. Hernani Braganza Abril 26, 2012. Nakasaad sa nasabing resolusyon ang mga layunin ng Valenzuela City at ilan sa mga ito ang maging pinakamalusog at disiplanong lungsod sa bansa na pinaboran ng samahan.


Personal na iniabot ni LCP Executive Director Jeremy Nishimori ang *Certificate of Proclamation* kina Konsehala Cora Cortez ng unang distrito ng lungsod at isa sa mga Government Affairs Advisers ng Aerobics League of Valenzuela City at G. Barcelito De Sotto, hepe ng City Cultural and Tourism Office nang araw ng proklamasyon.

Ang lungsod ay mayroong 33 barangay at mayroon ditong mahigit 40 aerobics club na patuloy pang dumarami sa buong lungsod na isa sa mga dahilan kung bakit naibigay sa lungsod ang titulo bukod sa pagpapakita ng mga Valenzuelano ng sigasig tungo sa malusog na pamumuhay.

Nagsimula ang pagpaparami ng aerobics club sa lungsod ng pangunahan ni Fil De Guzman, presidente ng Aerobics League of Valenzuela City at Concerned Citizens Alliance of Valenzuela City, Inc. ang pagiging aktibo ng mga miyembro nito at pakikipag-ugnayan sa iba't-ibang aerobics club sa buong lungsod upang mapalawak pa ito. **-Beng Bautista, Liezel Fulgencio**

VALENZUELA Ngayon





Kasabay ng Araw ng mga Puso, naging makabuluhan ang Peb. 14 para sa mga Valenzuelano kasabay ng pagdiriwang ng ika-14 Charter Day ng lungsod. Dito inilunsad ang "14 na Regalo para sa 14 na Taon ng Maunlad na Lungsod ng Valenzuela." Narito ang ilang mga tagpo sa pag-aalay ng...

# Mga handog sa 14th Charter Day

**1. Bagong Bahay Kalinga Halfway Home at Bahay Pag-asa Youth Detention Center.** *Dinalaw ni Mayor WIN ang mga batang inaalagaan ng Bahay Kalinga sa kanilang bago at mas maayos na pasilidad sa Brgy. Canumay West matapos itong pasinayaan. Kaugnay nito, itatayo na rin ang Bahay Pag-asa Youth Detention Center sa tapat lamang ng Bahay Kalinga, alinsunod sa Republic Act 9344 o Juvenile Justice and Welfare Act of 2006 na nag-uutos sa mga lokal na pamahalaan na maglaan ng badyet sa pagpapatayo ng youth detention center para sa mga batang nagkaroon ng karanasang kagusutan sa batas (Children in Conflict with the Law o CICL).* **Kuha ni Mark Cayabyab**





**2. Bagong City Jail.** *Isang mas maayos at makataong pasilidad na nagkakahalaga ng P37.5, milyon sa likod lamang ng Hall of Justice, ang nakatakdang simulan matapos ang groundbreaking. Kanan-kaliwa: Kinatawan ni Bureau of Jail Management and Penology (BJMP)-NCR Reg. Dir. J/SSUPT Romeo Vio, DILG Valenzuela City Dir. Daisy Eslaban, BJMP Valenzuela City Chief J/CINSP Fredinand Pontillo, Mayor WIN, City Administrator Atty. Teresita Capacillo, City Engineer's Office OIC Praceli Nelson at Valenzuela City Police Chief P/SSUPT Atty. Wilben Mayor.* **Kuha ni Jonathan Licuan**

**3. Kasalang Barangay.** *Matamis na halik ang bungad ng 45 na mag-asawang bagong kasal na ginanap sa Museo Valenzuela.* **Kuha ni Mark Cayabyab**

**4. Top Taxpayer's Top Job Providers Awards.** *Kasama si Dept. of Labor and Employment (DOLE) Sec. Rosalinda Dimapilis-Baldoz, kinilala ng Valenzuela City, isa sa mga business-friendly cities ng bansa, ang ilang mga negosyo sa lungsod para sa kanilang natatanging kontribusyon.* **Kuha ni Jonathan Licuan**

**5. Mega Jobs Fair.** *Bagong trabaho ang naiuwi on the spot ng 125 na aplikante sa jobs fair na regular ding ginaganap sa city hall grounds.* **Kuha ni Jonathan Licuan**

**6. 36 bagong klasrum.** *Mag-eenjoy ang mga batang mag-aaral sa pinatayong 36 bagong silid-aralan ng pamahalaang lungsod sa pamamagitan ng Local School Board. Ang Coloong Elementary School, A. Deato Elementary School sa Barangay Balangkas, A. Fernando Elementary School sa Barangay Malanday at Rincon Elementary School ang apat na pangunahing paaralan na pinagtayuan ng 36 na bagong klasrum kasama na ang mga bagong gusali ay ginugulan ng pamahalaang lungsod ng P52,836,042.* **Kuha ni Jonathan Licuan**

**Tinipon nina: Beng Bautista, Wynndee Penolio, King Urieta, Liezel Fulgencio, Zyan Caiña at James Habitan**










# Sur

## Galing ng
## V



Guadalupe. facebook.com

## Math-inik

Nagkampiyon si R
Guadalupe, 16, ng Valenzuel
Science High School sa indi
competition ng 2012 Metro
DepED Math Challenge na gi
sa Metrobank Plaza sa M
City, Abril 20-21, 2012.
ng tubong Brgy. Maysan an
naging katunggali mula sa
ibang paaralan sa National C
Region (NCR).

## Math-inik di

Sa 11,627 na mga bata m
North America na kabilang sa
Honor Roll para sa Set. 20
Kumon, isang pribadong t
service na nag-ooperate sa
mundo, nag-Rank 1 si Rie
Escarez, 13, ng Brgy. Baluba
Rieza ay naging aktibong miy
ng Valenzuela City Cent
Performing Arts at may tale
larangan ng pagtugtog ng
piano, violin at pagsayaw ng

## Aning makula

Tumanggap ng parangal
kay Pang. Benigno Aquino
magkapatid na Jamia Mei Tole
13 at Justen Paul Tolenti
Brgy. Marulas para sa ka
pagkakapanalo sa iba't
paligsahang pandaigdig.

Kaugnay ang parangal p
taunang Ani ng Dangal Awa
National Commission for C
and the Arts (NCCA) na gi
noong Peb. 28 sa Heroes H
Malacañang Palace para kil
ang mga Pilipinong nagsipa
sa mga paligsahang pansin
labas ng bansa.

**Tinipon nina: Beng Bautista**

# eWIN!

## g mga natatanging Valenzuelano

usselle
a City
vidual
bank-
nanap
Makati
Dinaig
g mga
iba't-
Capital

Ilan lamang sa mga naiuwing panalo ni Jamia ang *Merit of Excellence Award* sa *On-the-Spot Painting Contest* na ginanap sa Indonesia, ang pinakamataas na pwesto sa 10th Mitsubishi Asian Children Enniki Festa na ginanap sa Tokyo, Japan at ang pagkakapanalo nya sa Embracing Our Differences 2012, isang international outdoor art exhibit kung saan sya ay pinarangalan sa Florida, USA noong nakaraang Abril.

Ilan naman sa mga naiuwing karangalan ni Justen Paul ay ang pagkakakuha nya ng pinakamataas na pwesto sa 2011 Pour I' Enfrance Annual Drawing Contest at unang pwesto (1st place) sa 9th International Environmental Children's Drawing Contest sa Tokyo, Japan.

## n

nula sa
Math
11 ng
utorial
buong
eza D.
ran. Si
embro
er for
nto sa
gitara,
ballet.

## ay

mula
II ang
entino,
no ng
nilang
-ibang

para sa
rds ng
Culture
nanap
Mall ng
alanin
ngwagi
ing sa


Masumbol. Contributed photo

## Kid MVP

Tinanghal na Most Valuable Player ang football pride ng Valenzuela City na si Amos Magsumbol ng Brgy. Lingunan sa ginanap na Freedom Cup 2012 para sa Under-10 Division nito, sa University of the Philippines Diliman, Abril 22. Kampiyon din ang kanyang mga kalaro sa EAGLES A para sa nasabing division.

Inorganisa ng Friedrich Naumann Foundation for Freedom (FNF), UP National College of Public Administration and Governance (NCPAG) at ng Football Philippines Magazine ang palaro na nilahukan ng may 50 koponan na binubuo ng 600 na manlalaro.

**, Zyan Caiña at Mark Cayabyab**




*Abala ang mga mag-aaral na ito ng Lawang Bato National High School sa kanilang klase sa Physical Education. Panibagong hamon ang kahaharapin ng mga magulang, maging ng mga guro at iba pang stakeholders sa bagong K to12 program. Kuha ni Jonathan Licuan*

# Hayskul, 6 taon nang bubunuin

**ANIM NA TAON NANG BUBUNUIN** ng mga estudyante ang kanilang pag-aaral sa hayskul simula ngayong school year 2012-2013 batay sa bagong kurikulum ng Department of Education (DepEd) na tinaguriang "K to 12".

Kumpirmado ang pagpapatupad ng K to 12 sa buong bansa matapos maipalabas noong Abril 17, 2012 ang DepEd Order No. 31, series of 2012 – ang patakaran at mga alituntunin sa agarang pagpapatupad nito na nilagdaan ni DepEd Sec. Armin Luistro.

Ayon kay Dr. Benjamin Samson, Education Program Supervisor ng DepEd-Valenzuela at K to 12 Coordinator ng lungsod, layon ng mga pagbabagong ito na mapataas pa ang kalidad at madagdagan pa ang kahusayan at kakayahan ng mga mag-aaral na magsisipagtapos sa ating bansa.

Itataas din nito ang antas ng edukasyon sa Pilipinas ayon na rin sa standard ng buong mundo. Tanging Pilipinas na lang kasi ang bansa sa Asya at mga bansang Angola at Djibouti sa Africa ang may 10 taong basic education program, ayon sa DepEd.

Nilinaw niya na saklaw nito ang lahat ng pampubliko at mga pribadong paaralan.

Base sa kautusan, ang mga mag-aaral na papasok pa lang ng *first year ngayong darating na pasukan*, buwan ng Hunyo, *school year 2012-2013,* ang tawag sa kanila ngayon ay "Grade 7" at hindi na first year at tuluy-tuloy na ito hanggang grade 12.

Ang mga papasok namang *second, third at fourth year high school* ngayong darating na pasukan ay hindi na kinakailangang magtapos hanggang grade 12 kundi hanggang grade 10 na lang, katumbas ng fourth year high school; na kung susumahin ay apat na taon pa rin.

Ang grades 7, 8, 9 at 10 ay tatawaging Junior High School samantalang Senior High School naman ang grade 11 at 12.

**KINDER MUNA**

Kaugnay nito, kinakailangang dumaan muna sa pagka-kinder ang mga limang taong gulang na bata bago ito tanggapin sa pagka-grade 1, alinsunod sa DepEd Order No. 32, series of 2012 at Republic Act No. 10157, o ang Kindergarten Education Act na pinirmahan ni Pang. Benigno Aquino III noong Enero 20.

Ayon kay Nerisa Espinos, DepEd Supervisor Valenzuela Central officer in charge para sa Kindergarten, sakaling hindi nakapag-kinder ang bata at nasa tamang edad na ito para sa grade 1 ay bibigyan ito ng pagkakataon ng DepEd na mapabilang sa kanilang "6-Week Kindergarten Summer Program" na nagsimula na noong Abril 9, taong kasalukuyan upang makapasok ito sa grade 1.

Sakali namang hindi pa rin nakasama sa nasabing programa ang bata ay mayroon pa ring inihandang "8-Week Early Childhood Care and Development (ECCD) Curriculum ang DepEd para pa rin makapasok ito sa grade 1.


Dagdag pa ni Samson, nagsasagawa na ng malawakang *"Teacher Education Institutions"* training para sa lahat ng mga guro upang makatugon din sila sa mga pagbabagong ito sistema ng edukasyon ng Pilipinas.

Bagaman umani ng pagsuporta mula sa iba't-ibang sektor, maging si Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian para sa programa ito, iba naman ang reaksyon ng tao.

"Yung standard (na) turo ang dapat in-upgrade, hindi yung years (in) school. Dapat kinonsider nila yung percentage ng mga mahihirap na estudyante," sabi ni Joseph Enriquez sa Facebook Fanpage ng Valenzuela City. "Wish ko lang huwag dumami ang mga out-of-school youth," pangamba pa niya.

"Kung sino man ang may pakana nito sagutin niyo tuition ng mga anak namin," hayag naman ni Jimmy Kings. "Pahirap kayo masyado!"**–Beng Bautista, Mark Cayabyab**

# K to 12: isang sulyap sa bagong kurikulum ng basic education



Infographic ni Allan Tampadong

## Liham sa Kinauukulan

*Inaanyayahan ng ating pahayagang **Valenzuela Ngayon** na ipahatid ang inyong mga obserbasyon, paglilinaw o mungkahi sa ating mga kinauukulan para sa ikabubuti ng ating lungsod.*

*Ipadala ang kanilang saloobin sa pamamagitan ng email: **info@valenzuela.gov.ph** o kaya i-post sa Valenzuela City Official Facebook Fanpage: **valenzuela.gov**. May karapatan ang publikasyon na i-edit ang mga liham ayon sa haba, linaw at gamit ng lengwahe.*

### "City of Man"

I just want to thank the tellers of Valenzuela City Hall when I paid my Land Tax. They were very accommodating and very friendly especially Ms Lucy and Ms Margie and the other teller who received my payment. Ms Lucy also engaged me in a small friendly chitchat, which made my transaction not stressful, but rather it was a nice experience. The employees who assisted me also when I processed my tax clearance were also very pleasing, respectful, very courteous. It was all a pleasant transaction and very transparent, walang corruption. Thanks guys, hope to see you and thank you Mayor for making Valenzuela City the City of Man. – ***Jojo David, via facebook***

### Iskolar na, summa cum laude pa!

It's from Maysan, Valenzuela City who is the sole summa cum laude of Polytechnic University of the Philippines this school year 2011-2012. John Howard Ponce proud to be Valenzuelano ! – ***Nenia Fuentes, via Facebook***

*(At siya ay kabilang din sa Batch 13 ng Dr. Pio Valenzuela Scholarship Program. -ED)*

### Si Landlord kasi

Legal po bang magtaas ng upa? Kasi po kami tinaasan ng upa every year daw po 10 percent increase nakalagay po sa kontrata hindi po ba bawal yun? - ***Ana Lorraine Complido, via Facebook***

*(Ayon po sa City Legal Office, iniuutos ng Republic Act No. 9643 o ang "Rent Control Law of 2009" na hindi maaaring magtaas ng singil sa upa na mahigit sa 7% mula taong 2010 hangang 2013. Subalit dahil sa kayo ay naka-kontrata na, ibig sabihin nito ay pumapayag kayo sa ganoong term sa nagpapaupa. Ang abiso ay tapusin ang nasabing kontrata at siguraduhing naaayon na sa batas ang kontratang pipirmahan ninyo. Para sa iba pang usaping ligal, sumangguni sa City Legal Offfice sa telepono 352-1000 loc. 1206 o 1208 o sa Public Attorney's Office sa telepono 294-0899. –ED)*

### Ang sabi ng Thank You Card...


*Thanks Mayor for supporting the Dr. Pio Valenzuela Scholarship Progam, thanks for making our city as one of the most beautiful cities in the country and thank you Mayor Sherwin Gatchalian for being part of my academic journey. Hoping that you'll continue to support strong education among our youngters in Valenzuela. Congrats for being TOYM awardee and God bless po. - **John Howard Ponce, personal na liham kay Mayor WIN***

valenzuelako
www.valenzuela.gov.ph

City Government of Valenzuela — *Publisher*
Hon. Sherwin T. Gatchalian — *City Mayor*
Ahna F. Mejia — *Public Information Officer*
***
Mark Lester S.Cayabyab — *Editor-in-Chief*
Beng S. Bautista, Zyan F. Caiña, Liezel N. Fulgencio, Wynndee A. Penolio, Michael C. Urieta — *Contributing Writers*
Jonathan A. Licuan — *Contributing Photographer*
Allan C. Tampadong — *Chief Artist*
James S. Habitan — *Contributing Artist*
Jehan T. Ingalla, Sunshine D. Manahan — *Online Media Coordinators*
Clairidy C. Pinto — *Circulation*

Inilalathala ang *Valenzuela Ngayon* ng Publications Unit ng Public Information Office at may tanggapan sa Public Information Office, Valenzuela City Hall, Mac Arthur Highway, Brgy. Karuhatan, Valenzuela City. May karapatang sipi ang City Government of Valenzuela.

publishing@valenzuela.gov.ph
Telephone: 352-1000 local 1102
Telefax: 292-9168
Download ***Valenzuela Ngayon*** in PDF at www.valenzuela.gov.ph/valenzuelangayon
valenzuela city
valenzuelacity




## Retirement fund para sa mga OFWs



**Boses Ninyo sa Kongreso**

**Rep. Rex Gatchalian**
**Unang Distrito, Valenzuela City**

**SA ISANG PAGPUPULONG NG** mga lider sa Association of South East Asian Nations (ASEAN) kamakailan ay naipahayag ni Pangulong Benigno "Noynoy" Aquino III ang pagnanais niya, na sana ay dumating ang araw na wala nang mga kababayan nating Pilipino ang kailangan pang mangibang bansa para lang makahanap ng mas magandang trabaho.

Lubos ko siyang sinusuportahan sa pangarap niyang ito dahil wala na sigurong gaganda pa na makita ng isang lider na sama-samang namumuhay ng marangal at may dignidad sa loob ng kanilang bansa ang kanyang mga mamamayan.

Kung kaya't ginagawa naming lahat sa Kongreso ang aming makakaya upang makapagpasa ng mga panukalang batas na naglalayong lumikha nang mas marami pang trabaho at oportunidad para sa ating mga kababayan.

Kaakibat ng mga panukalang batas na ito ang pagpapalawak pa ng oportunidad at pagbibigay ng incentives sa mga investors o mamumuhunang negosyante upang maakit sila na dito magtayo ng negosyo sa ating bansa.

Subalit habang ginagawa namin ang lahat ng paraan upang tuluyang dito na lang magtrabaho ang ating mga kababayan ay mulat din naman ang aming mga mata sa katotohanan ng kasalukuyang sitwasyon.

At ito ang katotohanan na habang sinusulat ko ang kolum na ito ay libo-libo na namang mga kababayan natin ang naghahanda para umalis at magtrabaho sa ibayong dagat.

Ayon sa pinakahuling tala ay umaabot na sa 9 hanggang 11 milyong mga kababayan natin ang nagtatrabaho sa ibat-ibang panig ng mundo, na siya rin namang mga pangunahing responsable kung bakit nananatiling buhay at gumagalaw ang ating ekonomiya.

Base sa rekord ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ay umabot ang remittances ng ating mga OFWs ng US$10 bilyon noong 2005, US$15.9 bilyon noong 2008, US$17.348 bilyon noong 2009 at noong nakaraang taon ay umabot na sa US$20 bilyon.

Kapansin-pansin na kada taon ay patuloy ang pagtaas ng kontribusyon nila sa ekonomiya ng ating bansa kung kaya't nararapat lamang na suklian din naman natin ang kabutihang ginagawa nila sa atin.

Ito ang pangunahing dahilan kung bakit nagpasa ako nang HB 1830 na tinatawag na *"AN ACT TO PROVIDE A RETIREMENT BENEFITS FOR THE OVERSEAS FILIPINO WORKERS OTHERWISE KNOWN AS 'THE MIGRANT WORKERS' RETIREMENT ACT OF 2010.'"*

Pangunahing layunin ng panukalang batas na ito na maglaan ang Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) ng pangunang pondo na P1 bilyon na ilalaan sa retirement fund ng mga OFWs ngunit hindi na kailangan pa na dagdagan ang kasalukuyang sinisingil sa kanilang kontribusyon.

Makikinabang sa panukala ang mga OFWs na hindi nakabalik sa kanilang mga trabaho dahil sa nagkasakit o di kaya naman ay nagkaroon ng kapansanan at dahil na rin sa edad o katandaan.

Naniniwala kasi ako na tungkulin ng gobyerno na pangalaagaan at bigyang proteksyon ang kaniyang mga mamamayan lalo't higit ang mga OFWs na siya ring mga tinatawag nating "mga bagong bayani."

## 500K worktext sa ika-4 taon ng WIN ang Edukasyon Program



**Ang Konseho**

**Kon. Lorie Natividad - Borja**
**Ikalawang Distrito, Valenzuela City**

**BILANG KAUNA-UNAHAN AT DATING** tagapangulo ng Sangguniang Kabataan Federation, hindi maiaalis sa akin na una sa puso ko ang pagtugon sa mga pangangailangan ng ating mga kabataan sa ating lungsod. Inaalam ko ang mga problema ng ating nasasakupan at kailangan nating iprayoridad kung ano ang dapat unahin.

Mas higit ko itong naaaksyunan nang maging katuwang ako ng ating punong lungsod sa pamamagitan ng Task Force Out-of-School Youth Intervention Reduction and Prevention (TFOSYIRP). Bilang action officer nito ay naglulunsad tayo ng mga proyekto na muling magbibigay pagkakataon sa mga out-of-school youth (OSY) na makabalik sa paaralan, bumuo muli ng kanilang mga pangarap at magkaroon ng tiwala sa sarili na makapagtrabaho.

Nililibot natin ang programang ito sa mga lugar kung saan mayroon tayong mga OSY upang lalong maipaabot sa kanila ito. Lagi rin nating kasama rito ang program partners tulad ng Government Internship Program(GIP) ng City Social Welfare Development Office, Public Employment Services Office (PESO), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), Valenzuela Polytechnic College (Valpoly), Informatics, STI at ang Rotary Club of Valenzuela.

Buo ang kumpiyansa naming mababago ang buhay ng bawat kabataan na lumalahok dito. Hindi pa huli ang lahat at kailan man ang mga kabataan ay hindi dapat huminto sa pagbuo at pag-abot ng mga pangarap.

Sa kabilang banda, pinupunan naman ng WIN Ang Edukasyon Program ang mga pangangailangan ng ating mga mag-aaral at mga kaguruan. Ito ang dahilan kung bakit ang Valenzuela City ay nag-Top 1 sa National Achievement Test (NAT) sa buong National Capital Region sa dalawang sunod na taon. Inaaangat ng programa ang antas ng edukasyon ng lungsod sa tulong na rin ng Synergeia Foundation.

Bilang project director ng WIN ang Edukasyon, hindi biro ang bumuo at maglabas ng worktext na pinasadya pa ng lungsod alinsunod sa pangangailangan ng mga batang mag-aaral. Mahigit kumulang kalahating milyong worktext na ang naipamimigay sa lahat ng pampublikong elementaryang paaralan ng lungsod sa apat na taon na pamimigay nito.

Kasabay din nito ang paglulunsad ng training para sa ating mga guro na nagbibigay ng mga bagong istilo o pamamaraan sa kanilang pagtuturo. Lalo silang ginaganahan sa istratehiyang ito.

Maraming kalapit lungsod at probinsya ang dumadayo sa atin ngayon upang pag-aralan kung paano natin ginawa ito sa ating siyudad.

VALENZUELA Ngayon



# Pwede bang ayaw ko na?

## Usapang Ligal

Ni Atty. Resly Ann M. Denilla
City Legal Office

**NAKAKALUNGKOT ISIPIN NA SA PANAHON** ngayon ay napakabilis magpasya ng mag-asawa na maghiwalay matapos ang hindi pagkakasundo sa panahon ng kanilang pagsasama. Nguni't sa ilalim ng batas, ang nasabing paghihiwalay ay hindi kasindali ng pagbabago ng isip ng tao na wakasan na ang sinumpaan nilang habambuhay na magsasama, dahil na rin ito sa sagradong pagtingin ng batas sa kasal, sa simbahan man o sa harap ng husgado ito naganap.

Ang mga kasal na naganap mula Agosto 3, 1988 hanggang sa kasalukuyan ay ginagabayan ng Family Code of the Philippines. Sa ilalim ng batas na ito, maaaring magsampa ng petisyon para sa paghihiwalay ng mag-asawa o legal separation na nakabatay sa mga sumusunod na dahilan:

a) Paulit-ulit na pananakit o mapang-abusong pagtrato sa asawa o anak ng mag-asawa o nang nagpepetisyon;
b) Pamimilit na magbago ang nagpepetisyon ng kanyang relihiyon o politikal na kaugnayan (political affiliation);
k) Pagtangka o pakikipagsabwatan ng ihahablang asawa na kumbinsihin ang nagpepetisyon, anak ng mag-asawa o nang nagpepetisyon na lumahok sa prostitusyon;
d) Hatol na nagsesentensya sa ihahablang asawa sa pagkakakulong ng higit ng anim na taon.
e) Pagkakaroon ng adiksyon sa iligal na droga o palagiang paglalasing;
g) Pagiging lesbiyana o homosekswal;
h) Pagpapakasal muli ng ihahablang asawa sa Pilipinas man o sa ibang bansa;
i) Pangangalunya (concubinage);
l) Pagtangka sa buhay ng nagpepetisyon;
m) Pag-abandona ng ihahablang asawa sa nagpepetisyon ng walang sapat na kadahilanan ng mahigit isang taon.

Hindi pagbibigyan ng korte ang petisyon para sa legal separation kung mapapatunayan na pinahintulutan ng asawa ang kanyang kabiyak na gumawa ng aksyon na maaaring maging batayan para sa petisyon. Isa sa mga halimbawa ay ang pagpahintulot ng asawa na magpakasal sa iba ang kanyang kabiyak.

Ang mga epekto ng legal separation ay ang mga sumusunod:

a) Hindi na magsasama sa isang bubong ang mag-asawa nguni't hindi sila maaaring magpakasal muli sa iba dahil sa mata ng batas, sila ay nananatiling kasal.
b) Ang nagkamaling asawa (offending spouse) ay walang karapatan o parte sa kita (net profit) ng absolute community at ito ay ibibigay sa anak ng mag-asawa, kung wala ay sa anak ng nagkasalang asawa, kung wala pa rin ay sa inosenteng asawa (innocent spouse).
k) Ang kustodiya ng mga anak ay mapupunta sa inosenteng asawa, nguni't bibigyang importansya din ang kahilingan ng mga batang pitong taong gulang pata as kung kaninong magulang niya nais sumama. Ang kustodiya ng mga batang wala pang pitong taong gulang ay ibinibigay sa ina maliban na lamang kung makikita ng korte na may mabigat na dahilan (compelling reasons) upang hindi ibigay sa ina ang kustodiya ng nasabing mga bata. Ilan sa mga halimbawa ay ang pagiging imoral ng ina, pagdepende nito sa iligal na droga at iba pa.
d) Hindi magiging tagapagmana ang nagkamaling asawa ng inosenteng asawa.

Ang pagiging sagrado ng kasal ay pinoprotektahan sa Pilipinas, kung kaya't mahigpit na batas ang sinusunod bago mapawalang-bisa at mawakasan ang kasal. Ang paghihiwalay ng mag-asawa ay nararapat lamang na may batayan o dahilan na nagsasaad sa batas at ang simpleng pagkakasundo ng mag-asawa na maghiwalay na lamang ay hindi isa dito.

*Si Atty. Resly Ann M. Denilla ay isa sa mga abogado sa Valenzuela City Public Attorney's Office (PAO). Para sa inyong suliraning ligal, tumawag sa 294-0899 o sa 352-3000 loc. 248.*

# Nang dahil sa Red Cross Youth (RCY)

## Ang Taumbayan

*Ang pitak na ito ay bukas para sa inyong kontribusyon. Ang opinyon na napapaloob dito ay mula lamang sa may-akda at hindi mula sa patnugutan.*

Ma. Febbie Joy L. Casabuena

**SA PAGDAAN NG MARAMING TAON**, palaging nakaagapay ang Red Cross sa mga nangangailangan. Nangangalaga sa dangal at dignidad ng tao, pumapawi sa mga paghihirap nito, ang Red Cross ay nakapagpapabago ng malaki sa buhay ng marami, gaya ng ginawa nito sa akin.

Noong ako ay bata pa, hindi ko inakala na ikalilibang at ikasisiya ko ang pagiging isang Red Cross Volunteer. Naging miyembro ako ng Red Cross noong ako ay nasa elementary pa lamang, nguni't hindi ko ito sineryoso. Nang ako ay nasa high school na, dito na nagsimula ang aking tinatawag na "Red Cross Life." Nasa *third year* ako noon nang unang magtatag ang aming konseho ng mga pagsasanay at mga programa na sinimulang pangasiwaan ng aming paaralan. Mula noon ay naisip ko na maaari pala akong maging Red Cross Volunteer. Hindi dahil sa mga benepisyo o pakinabang na aking makukuha dito kundi dahil lubos akong masaya na gawin ito. Nasisiyahan ako sa pagiging isang volunteer.

Ine-enjoy ko ang mga pagsasanay, mga iba't-ibang gawain dito, pati na rin ang mga iba't-ibang proyekto ng RCY sa aming paaralan. Ito na ang pinakamagandang bahagi ng aking buhay. Hindi lang dahil sa nadadagdagan ang aming kaalaman at nahahasa ang aming mga kakayahan at kahusayan kundi ito ang pagkakataon naming makatulong sa iba ng walang hadlang. Ito ang nagpabukas sa aming mga mata, ito ang gumising sa amin hindi lamang sa akin kung hindi sa lahat ng mga volunteers.

Sa pamamagitan ng Red Cross, nakita ko ang kalupitan ng katotohanan sa tunay na buhay at ito ang nagsilbing inspirasyon sa akin para may malayong maratingna malampasan pa ang aking mga pangkaraniwang ginagawang pagtulong sa iba at sila ay pangitiin. Nang dahil din sa Red Cross ay unti-unti kong napaglabanan ang aking takot sa karayom at dugo. Dito ay naunawaan kong sa pamamagitan lamang ng pagbibigay ng dugo, ay makapagliligtas tayo ng buhay. Natuto din ako dito kung paano harapin ng mahinahon ang mga sitwasyon na may tiwala sa sarili. Naisip ko na walang mabuting mangyayari kung tayo ay matataranta o matatakot at magpapadalos-dalos. Napatunayan ko dito na ang pagtitiyaga at pagtitiis ang makapagdadala sa atin sa tagumpay. Marami akong iba't-ibang bagay na natutunan sa RCY.

Binago ako nito sa maraming paraan. Natutunan kong hindi dapat makuntento na lamang na maupo sa silya at tumingin sa blackboard, kundi magbigay ng tiwala sa iba at ang pagbibigay ng tiwala sa kanila ay kagaya ng pagbibigay nila ng tiwala sa akin. Hindi ito madali ngunit sa lahat ng kanilang ginagawa ay natutunan kong magtiwala. Salamat RCY.

*Si Ma. Febbie Joy L. Casabuena ay isang Senior Red Cross Youth sa Polo National High School.*

# Kapag may isinuksok...

## Tinig Mamamayan

**INILABAS NG BANGKO SENTRAL** ng Pilipinas (BSP) nitong Abril ang una nitong Consumer Finance Survey (CFS) para mapulsuhan ang kondisyong pampinansyal ng pamilyang Pilipino. Sa 10,520 pamilyang sinerbey sa loob at labas ng Metro Manila, lumalabas na walo sa 10 households ay walang bank account. Pinaka rason ng mga hindi nagba-bangko ay kawalan ng sapat na pera.

Subalit nang tanungin ng pahayagang ***Valenzuela Ngayon*** ang mga Valenzuelano kung sila ay *mayroong pinag-iipunan,* narito ang ilan sa mga naging sagot na repleksyon ng kahalagahan ng pag-iimpok at mahalagang bahagi nito sa kanilang mga pangarap.

Lahat po tayo ay may pinag-iipunan,nakakalungkot lamang isipin na karamihan sa atin ay mas pinaglalaanan ang mga gadgets. Hindi natin naiisip ang ating kalusugan. Kayat pinag-iipunan ko ang aking kalusugan upang kung sakali na ako'y magkasakit, hindi ko na kailangan pang maghagilap ng pera dahil may naitabi na ako. Hindi naman lahat kasi ay libre sa public hospital. - ***Christine Saldivia***

I am saving for my parents' renewal of vows. My family, with all the hardships and trials, was able to hold on. Parang ibang experience kasi na makita mo yung parents mo na ikasal ulit! - ***Rawnx Galbis***

Car! Nakakapagod na kasi magmotor. - ***Patrick James Santiago***

Doble kayod dami (kapag may) raket, dami sidelines, para makaipon para sa edukasyon ng tatlo kong anak. Sapagkat wala akong kayamanang maiiwan sa kanila kung hindi edukasyon. Yan ang kayamanang tanging aking maipapamana na hindi maaagaw o mananakaw ng kahit sino man. - ***Vanz Gabriel***

Pinag-iipunan ko na po ung posible na gagastusin namin for our feasibility studies this coming school year dahil iyon na ung pinakamagastos na subject namin. Kaya nga po, malaking tulong din po sa akin yung sasahurin namin sa SPES, na sana po eh mapaaga ang release ng sahod. - ***Jimuel Calizo Caballero campo***

Nag-iipon ako ng mga plastic bottle na pwedeng ibenta sa junkshop para ibigay sa mga batang nakikita kong araw-araw na nangangalakal sa lugar namin. Maliit na bagay lang pero kahit paano ay napapangiti ko sila. Ang sarap ng pakiramdam. – ***Zuracaled Takenforgranted Dela-Cruz***

Kinukuha ko ang lahat ng ayaw ng amo ko para ipadala sa Pilipinas at para ipamigay naman ng asawa ko sa mga tao sa lugar namin sa Veinte Reales. Mahirap lang kasi kami, sama-samang nagtratrabaho sa isang pabrika ng plastik ang mga nakatira doon sa aming compound. - ***Lulu Nucum***

Pambili ng lupa at pampatayo ng bahay. Naniniwala ako na isa ito sa mga pinaka mahirap pag-ipunan at makuha. Ayokong makita ang sarili ko na umedad at hindi na kayang maghanap-buhay pero namomroblema pa rin sa pagbabayad ng renta. Sa sariling sikap at dasal kasama ng mahal ko alam ko matutupad ko ito. - ***Annaliza Gitierrez Rafael***

Pinag-iipunan ko po yung kabutihan para makapunta sa langit. - ***Danielle Pacifico***

Pang-MA at pang-tuition ng sister ko for college. Long-term investments ko po. - ***Mhari Barrameda***

I'm saving up not only for my future but also for my parents: great retirement, a great cozy home, a small business they could run together without so much as a hassle so they won't get too bored, and a chance to relax and see the world in a tourist's point of view. The greatest privilege in life is the chance to serve the two people who gave up so much (and are still willing to give up everything) for my sake. I'm lucky to have them as parents and I want them to feel even more that I love them as much as they love me. - ***Kitty Punch***

Isang matatag na business para sa family ko para mapagresign ko na ang wife ko at maasikaso na niya ang prinsesa naming pinakamamahal. - ***Robert Allan Villanos Mercado***

**Tinipon ni: Sunshine Manahan**

# Bata, bata bakit ka naka-make up?

**ANG ARTIKULONG ITO AY ISANG** pagsusuri sa kilos at ugali ng isang 3-taong gulang na batang babae na tatawagin nating "Charlotte" (hindi niya tunay na pangalan). Anak ng kilalang artista sa Hollywood, ang kanyang ayos-anyo ay pumukaw sa atensyon sa buong mundo at kumalat bilang viral video sa mga social media.

Sari-saring komento at batikos ang inani ng nasabing internet material. Ang katanungan ng mga tao ay halos iisa lamang: "Bakit sa murang edad ay nakaayos siya mula ulo hanggang paa na hindi akma sa kanyang gulang?" Sino ang responsable sa ganitong paghubog ng isang murang isip ng bata? Tama ba ito? Normal ba ito?

Sa aking punto-de-bista na nag-aral ng kilos ng tao (human behavior), hindi ko huhusgahan ang nasabing bata sa dahilang payak pa ang kanyang kaisipan. Wala pa siyang sariling pagkatao sa kabuuan. Masasabi ko ang mga taong pumansin sa insidenteng ito ay gumagamit ng isa sa mga kaisipan ng sikolohiya na kung tawagin ay "Gestaltism." Nakita nila ang kabuuan ng kilos na hindi sinusuri ang mga pira-pirasong parte na bumuo nito. Kaya himayin natin ang mga elemento na pinagmulan nito.

Sa tahanan nag-uumpisa ang edukasyon ng mga bata at mga magulang ang unang nagtuturo nito. Ang bata ay nasa "formative years" ng kanyang buhay. Lahat ng maaaring gawin sa kanya ng mga magulang o mahalagang sino sa kanyang buhay ay mag-huhubog sa kanyang pagkatao sa mga darating pang pnahaon ng kanyang buhay.

Sa aking opinyon, maaaring katuwaan lamang ng mga magulang ang naganap at nais lamang niyang pumukaw ng atensyon sa media at naging viral item. Sa puntong ito, tagumpay sila. Pinansin sila ng buong mundo. Sa kabilang banda, ang mga kritiko ay maaaring nakakaunawa ng tamang pamamaraan ng pagmamagulang kung paano ang paghubog ng malusog na pagkatao ng bata. May hindi sang-ayon, may naaliw, may tumuligsa. Iba-iba talaga ang pananaw ng mga tao. May komento, may opinyon.

Sa ikalawang banda, natuturuan ang bata ng pag-aayos ng sarli. Kaya nga ang Barbie Dolls ay naimbento para matuto ang mga batang kababaihan ng pag-aayos mula ulo hanggang paa. Yun nga lamang wala sa tamang edad ang naturang bata upang siya ay matuto ng ganitong pag-aayos. Dapat ay may giya ang mga magulang ng tamang Child Development. Maaaring matuto ang bata ng pagiging garbo o maluho o ang maling banidad. Maaari din maging hindi malusog ang kanyang social development dahil sa iba ang kanyang magiging pagtingin sa kanyang kapwa-tao dahil sa pagiging napakataas ang tingin sa sarili.

Sa huling suri, may maganda at may hindi gaanong kagandahan ang namalas natin sa viral item. Nasa tumitingin ang pagsusuri subalit iwasan nating humusga. Dapat nating unawain ang pangyayari.

Sa panahong modern kailangan natin ipanatili ang pamumuhay ng simple at payak. Modestong pamumuhay, ika nga. Back to basics and maintain the basics.

Mga magulang, sa inyo magsisimula at magmumula kung ano ang magiging pagkatao ng mga bata ng kinabukasan. Kung mayroon kayong kakulangan ng nakaraan, iwasang isisi, ipagawa o gawin sa inyong anak ang kakulangang iyon. Ang inyong anak ay regalo ng Diyos sa inyo. Hindi ninyo maaring sakupin ang kanilang kaisipan. Subalit ano man ang inyong ituturo sa kanila at makasanayan, hindi na nila ito hihiwalayan habang buhay. Mahalaga na matutunan nila ang mga pagpapahalaga (values).

Magandang matutunan nila ang pagbabalanse ng buhay. Hindi maluho. Hindi rin naman salat. Lalo na sa pag-ibig at pagmamahal sa sarili at kapwa. May takot at pananampalataya sa Diyos.

Bata, bata, bakit ka naka-make up? Tama ba o mali? Ano sa tingin mo?

*Si Jean Bautista, psychologist ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO) ay kasalukuyang tinatapos ang kanyang Masters Degree sa Far Eastern University.*



Masayang nag-aerobics ang 3,500 Valenzuelano matapos ang Fun Run sabay sa pagsikat ng araw sa VC Govt. Complex Grounds.



Si Philippine Red Cross (PRC) Governor at Asst. Treasurer Mayor WIN habang kinukuhanan ni City Health OIC Dr. Jaime Exconde ng dugo nang pangunahan ng alkalde ang mass bloodletting na sinundan naman ng 125 Valenzuelano, iba't-ibang civic organization at PRC Chapters sa Bulacan bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-65 Anibersaryo ng PRC.




Sina Mayor WIN, Vice Mayor Eric Martinez, Konsehal Gerry Esplana kasama ang mga pang-isports na kapitan ng lungsod para sa kasiyahan at tagumpay ng "Sure WIN sa Sports Fun Run 2012" bilang sports blow-out ni Mayor WIN para sa healthy lifestyle ng mga Valenzuelano.



Madaling araw pa lang ay gising na gising na ang mga runners na pumuno sa kalsada sa ginanap na Fun Run 2012 na nagsimula sa Puregold Valenzuela Parking Area, dumaan sa McArthur Highway at tumungo sa Happy Site, Barangay Marulas at nagtapos sa Valenzuela City Govt. Complex Grounds.




Ang grupo ng Pilipinas Ecowarriors kasama si Mayor WIN at Cong. REX nang handugan ng birthday cake at masayang awitan ng birthday song ng mga Valenzuelano ang celebrants na sina Mayor WIN at dating senador Zubiri sa concert ng grupo.



Nagbigay ningning at boses sa ginawang launching ng Pilipinas Ecowarriors kamakailan si Kitchie Nadal para sa ikatatagumpay ng hangarin nitong maging aktibo ang publiko, partikular ang kabataan, sa pangangalaga ng kalikasan.



HAYAAAAH! Nabigyang pagkakataong mahasa ang kabataang Valenzuelano sa iba't-ibang disiplina ng isports at maging makabuluhan ang kanilang summer vacation sa pamamagitan ng SureWIN sa Sports program na nagkaloob ng libreng training. Kinakitaan ng potensyal ang mga kabataang ito sa mga laro ng arnins (ibaba larawan), basketball, table tennis at taekwondo (itaas ng larawan).





Ang masayang performance ng sikat na mang-aawit na si Rico Blanco, isa sa mga miyembro ng Pilipinas Ecowarriors sa ginanap na concert tour ng grupo sa City Astrodome sa Barangay Dalandanan noong April 11, 2012. Kasama din sa grupo ang dating senador na si Migz Subiri, sikat na basketbolista at TV Host Chris Tiu at ang beterinaryong host ng TV program na Born To Be Wild na si Dr. Nielsen Donato. Nakiisa ang mga Valenzuelano sa layunin ng grupo na mahalin at ingatan ang kalikasan, "One fight, One hope, One planet", ika nga nila.

Masayang naglayag sa Kap. Larry's pond sa Brgy. Coloong ang mga kalahok sa Fun Fishing Tournament at naghanap ng kanilang mahuhuling isda. Ang paligsahan ay nilahukan ng 300 na mamimingwit sa lungsod.

## Tinipon ng Team Valenzuela Ngayon





## SURE WIN Birthday Blowout! ni Mayor WIN

Sure WIN talaga ang Birthday Blowout ni Mayor Sherwin sa kanyang ika-38 kaarawan. Ilan lamang ang mga larawang ito sa masaya at makabuluhang pagdiriwang ng mga Valenzuelano bilang munting regalo ni Mayor WIN mula sa kanyang munting paraan.